Insurance sa Kawalan ng Trabaho

Impormasyong Kailangan Mo upang Makapaghain ng Unemployment Insurance Claim (Paghahabol sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho)

Checklist ✓✓✓

Kapag natapos ang iyong trabaho o binawasan ng iyong employer ang mga oras ng iyong trabaho, agad na mag-apply para sa mga benepisyo ng Seguro sa Pagkawala ng Trabaho.

- Ang petsa ng pagsisimula o petsa ng pagkakaroon ng bisa ng isang paghahabol sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho ay HINDI nakabatay sa kung kailan natapos ang isang trabaho o kung kailan nagbawas ng mga oras ang employer.

- Magsisimula ang mga paghahabol sa Linggo ng linggo kung kailan isinumite ang aplikasyon sa Seguro sa Pagkawala ng Trabaho.

Mangalap ng impormasyon. Ihanda ang mga sumusunod na item bago mag-apply.

→ Iyong Impormasyon:

- ✓ Social Security Number
- ✓ Pangalan (kasama ang mga dating pangalan [hal., pangalan noong nag-asawa at sa pagkadalaga]), mailing address, at numero ng telepono
- ✓ Lisensya sa pagmamaneho o numero ng ID card
- ✓ Alien registration number at petsa ng pag-expire, kung hindi mamamayan
- ✓ DD Form 214 kung nagsilbi ka sa hukbo sa huling 18 buwan

→ Impormasyon ng Huling Employer:

- ✓ Ang huling employer ay ang negosyo o kumpanya kung saan ka huling aktwal na nagtrabaho o maaaring nagtatrabaho pa rin nang part-time
- ✓ Pangalan ng kumpanya kung paano ito lumalabas sa iyong stub ng pay check o W-2 form (Maaari itong maging isang ahensya sa payroll o ahensya sa staffing)
- ✓ Kumpletong mailing address kasama ang zip code at pisikal na lokasyon
- ✓ Numero ng telepono ng kumpanya at pangalan ng supervisor
- ✓ Ang dahilan ng pagtatrabaho sa loob ng pinaikling oras o hindi na nagtatrabaho sa employer

→ Kasaysayan ng Pagtatrabaho (LAHAT ng employer sa huling 18 buwan kasama ang huling employer):

- ✓ Pangalan ng LAHAT ng employer kung paano lumalabas ang mga ito sa iyong stub ng pay check o W-2 form
- ✓ Panahon ng pagtatrabaho (petsa ng pagsisimula at petsa ng pagtatapos)
- ✓ Sahod na iyong kinita at kung paano ka binayaran (orasan, lingguhan, buwanan)

EDD Employment Development Department
State of California

www.edd.ca.gov